



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

# Protektahan ang iyong sarili online

Ang araw-araw na paggamit sa mga mobile na telepono, tablet at personal na kompyuter ay karaniwan na ngayon sa buhay ng karamihan ng mga tao. Ginagamit natin ang mga aparatong ito sa komunikasyon na pasalita at biswal, para sa mga negosyo, transaksyong pinansiyal at bilang mga multipurpose storage device na higit pa nating inaasahan sa ngayon.

Ang mga aparatong ito ay naiimbakan ng mga mahahalagang impormasyon na maaaring targetin sa ilang paraan kabilang na ang: mga huwad na email, di-totoong representasyon ng isang service provider, hindi sapat na proteksiyon ng software o seguridad ng password.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga paraang ginagamit ng mga kriminal upang makuha ang iyong mga personal na detalye at ng iyong mga kapamilya na maaaring humantong sa pagnanakaw ng iyong identidad. Narito ang ilang simpleng hakbang na maaari nating gawin upang maprotektahan ang ating sarili laban sa ganitong uri ng krimen.

## Protektahan ang iyong password

- **HUWAG** gamitin ang parehong password para sa lahat ng iyong aparato o mga sistema ng pag-akses.
- **HUWAG** gumamit ng mga pangalan o mga salitang madaling i-ugnay sa iyo (hal: pamilya, mga alagang hayop o mga pangalan ng paaralan) sa iyong password.
- **PALITAN** nang regular ang iyong password.
- **HUWAG** IBIGAY ANG IYONG PASSWORD KANINO MAN.

## Protektahan ang iyong kompyuter o aparatong mobile

- **MAG-INSTALL** ng maaasahang anti-virus na proteksyon para sa lahat ng iyong mga kompyuter at aparatong mobile.
- **I-UPDATE** nang regular ang iyong mga anti-virus na proteksyon.
- **TANGGALIN (DISABLE)** ang hindi mo gustong mga aplikasyon - kung hindi mo ito ginagamit, tanggalin ang mga ito.

## Protektahan ang iyong identidad online

- **HUWAG** hayaan ang kahit sino na makaakses ng iyong personal na impormasyon o ng iyong mga aparato.
- **HUWAG** magbigay kanino man ang malayuang akses ng iyong aparato.
- **HUWAG** buksan ang mga email mula sa mga taong hindi mo kilala.
- **HUWAG** ibahagi ang iyong personal o pinansyal na impormasyon online tulad ng mga detalye ng lisensya mo sa pagmamaneho, petsa ng kapanganakan, atbp.

Kung naniniwala ka na ikaw ay naging biktima ng isang paglabag na may kinalaman sa cyber - iulat ito kaagad sa [www.acorn.gov.au](http://www.acorn.gov.au)

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen bisitahin kami sa [www.police.nsw.gov.au](http://www.police.nsw.gov.au)**



Justice



Protektahan ang iyong sarili laban sa panlililalang


**Triple Zero (000)**

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalagay ang buhay sa panganib.


**Police Assistance Line (131 444)**

Para sa mga hindi emerhensiya.


**Crime Stoppers (1800 333 000)**

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.